

INTERNATIONAL NAPASA (May 21th, 2024)

1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

しやうなんひらつか
湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa May 26 (Sunday) ay magkakaroon ng **SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa **INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106)**.

2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUUM

しやうなん
湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa June 1 (Saturday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **GAMBA OSAKA**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 4:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

3)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

さかなちよくばいかい
魚直売会のお知らせ

Sa May 24 (Friday) ay magkakaroon ng direktang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Magbebenta rin ang JA Shonan ng mga lokal na gulay. Mula 2:00 ng hapon ay magbebenta ng daing at mga gulay at mula 3:00 ng hapon ay magbebenta naman ng sariwang isda at ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-21-0146 (0463-21-0146)**.

4) PAGBIBIGAY TULONG UKOL SA PAGBABAKUNA NG RUBELLA O TIGDAS HANGIN

ふうしんのよぼうせつしゅのほじょのおしらせ
風疹の予防接種の補助のお知らせ

Hanggang sa isang taon ng March 31, 2025 ang Hiratsuka City ay nagbibigay ng ilang bahagi na tulong para sa mga taong magpapabakuna ng **TIGDAS HANGIN (FUUSHIN)**. Ang mga nabibilang dito ay ang mga taong nagpa-planong magka-anak. Subalit kung nagbubuntis na at nakapagpabakuna na ay hindi na mapapabilang sa mabibigyan ng tulong. Ang bayarin sa Mixed Vaccine ay nagkakahalaga ng **¥5000** at ang Rubella ay **¥3000**. Magpabakuna sa Institusyong Medikal ng siyudad.

5) IMPORMASYON UKOL SA LIBRENG CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Ang Hiratsuka City Board of Education ay magsasagawa ng 2 araw na libreng “**ONGAKU NO OKURIMONO CONCERT**” sa May 25 at May 26 sa Hachimanyama no Youkan. Ang admission fee ay libre at ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 6:00 ng gabi. Makakapakinig ng iba’t-ibang uri ng musika tulad ng Classic Music, Jazz, Chinese Music, Movie Music, Traditional Japanese Music at iba pa.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng tao na maaaring makapasok ay hanggang 45 tao, ang mga upuan ay walang reserbasyon at maaari maglabas pasok. Para sa mga katanungan ay makipag-ugnayan sa Telephone No. **0463-35-71114 (0463-35-7114)**.